

Subject: Pangngalan

ALAMIN NATIN

Magandang umaga sa inyo mga bata! Sana ay nasa mabuti kayong kalagayan. Ngayong araw ay mayroon na naman tayong pag-aaralang bago sa Filipino III.

Angng ating layunin ngayon araw ay: **Naibibigay ang mga pangngalan ng tao, bagay, lugar at pangyayari.**

Basahin natin ang usapan ng dalawang magkaibigang Lola.

Lola Fely: Delia, naaalala mo pa ba si **Maria**? Nalulungkot ako kapag naaalala ko siya dahil mula nang mawala siya ay hindi na namulaklak ang kanyang mga **halaman**.

Lola Delia: Ilang **Pasko** na siyang wala. Maging ang mga **ibong** na namumugad sa kanyang **bakuran** ay nalulungkot dahil wala nang nagpapakain sa kanila. Nasaan na nga kaya si Maria?

Suriin ang mga salitang nakasulat nang madiin sa usapan ng magkapitbahay na sina Lola Fely at Lola Delia. Alam mo ba kung ano ang tawag sa mga salitang ito?

Isulat sa loob ng kahon:

PRESENTATION OF THE LESSON

Ngayon ay muling nating basahin ang mga salitang nasa talahanayan sa ibaba. Pansinin kung paano inihanay ang mga ito.

TAO	BAGAY	HAYOP	LUGAR	PANGYAYARI
Lola Fely	halaman	ibon	bakuran	Pasko
Lola Delia				
Maria				

Ang mga salitang ito ay mga **pangngalan**. Makikita sa talahanayan sa itaas ang iba't ibang halimbawa ng mga pangngalan. Tayo na at kilalanin pa natin nang lubusan ang pangngalan sa susunod na parte ng ating module.

DISCUSSION/REMEDATION/ENRICHMENT

Prepared by:

Joseph Gabriel j. Educado

Guimbala-on Elementary School, Silay City

PANGNGALAN

- **Pangngalan** – bahagi ng pananalita na nagsasaad ng ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari.

Halimbawa:

- **TAO** – Loleng, Trining, Maria, kapitbahay
- **BAGAY** – halaman, bulaklak
- **HAYOP** - kuting, tuta, kalabaw, ibon
- **LUGAR** – bayan, plaza, Bacolod, Maynila
- **PANGYAYARI** – kaarawan, Pasko, Bagong Taon

Sagutin natin ang mga sumusunod na tanong:

Ano ang pangngalan?

Magbigay ka pa ng iba pang halimbawa ng pangngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari.

Bakit mahalaga na mapag-aralan at makabisa ang mga pangngalan?

Ano ang maaring mangyari kapag kinaligtaan natin ang mga pangngalan?

Mahusay! Ngayong alam na natin ang patungkol sa pangngalan, magsanay pa tayo sa pamamagitan ng mga sumusunod na gawain. Sasagutan natin ito sa isang malinis na papel.

PAGSASANAY 1

Panuto: Bilugan ang pangngalang ginamit sa bawat pangungusap.

1. Gayahin natin si Wacky.
2. Inaalagaan niyang mabuti ang mga halaman.
3. Naging maganda ang kanyang bakuran dahil sa mga ito.
4. Iiwasan ko nang magtapon ng basura kung saan-saan.
5. Magtatanim ako ng mga puno.

Prepared by:

Joseph Gabriel j. Educado

Guimbala-on Elementary School, Silay City

PAGSASANAY 2

Panuto: Piliin at kulayan ng gustong kulay ang pangngalang **hindi** dapat mapabilang sa pangkat.

TAO	HAYOP	BAGAY	LUGAR	PANGYAYARI
➤ Lola	➤ leon	➤ aklat	➤ karagatan	➤ orasan
➤ Tiya Nene	➤ sapatos	➤ lapis	➤ kagubatan	➤ Pasko
➤ kalabaw	➤ daga	➤ papel	➤ mangangaso	➤ Kaarawan
➤ magsasaka	➤ unggoy	➤ mag-aaral	➤ kabundukan	➤ piyesta

PAGSASANAY 3

Panuto: Gumamit ng tamang pangngalan upang mabuo ang diwa ng mga sumusunod na pangungusap na nagsasalaysay tungkol sa tao, lugar, at bagay sa paligid. **Piliin** mula sa kahon ang iyong tamang sagot at isulat ito sa patlang.

halaman	hayop	mag-aaral	mundo	tao
---------	-------	-----------	-------	-----

1. Ang ating _____ ay nangangailangan ng mga taong mangangalaga at magmamalasakit. Tahanan ito ng lahat kaya dapat nating mapangalagaan.
2. Ang bawat _____ ay dapat tumulong para ito ay mapag-ingatan.
3. Kapag pinangalagaan natin ang kapaligiran ay matutulungan din natin ang mga _____ at halaman sa ating paligid.
4. Magtanim tayo ng mga puno at _____ para gumanda ang ating kapaligiran.
5. Ang mga batang _____ sa bawat paaralan sa ating bansa ay dapat maturuang magmahal at kumalinga sa kalikasan.

GENERALIZATION/SUMMARY OF WHAT WE LEARNED

Mula sa ating napag-aralan, natutuhan natin na:

- Ang **Pangngalan** ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari.
- Natutuhan natin na kilalanin ang mga pangngalan na nasa pangungusap.
- Natutuhan natin na makilala ang mga pangngalan na hindi kabilang sa pangkat.
- Natutuhan natin na gamitin ang pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar, at bagay sa paligid.

Prepared by:

Joseph Gabriel j. Educado

Guimbala-on Elementary School, Silay City

APPLICATION

Pumili ka ng isa sa mga gawaing nasa ibaba na isusulat mo upang makumbinsi mo ang mga batang katulad mo na maging kaibigan din ng kalikasan. Gumamit ka ng pangngalan ayon sa pangangailangan. Naririto ang mga gawaing pagpipilian:

- Isang **poster** na kukumbinsi sa ibang tao na magtanim kaysa pumutol; mangalaga kaysa manira.
- Isang **vlog o TikTok video** na nagpapakita ng mga paraan kung paano magiging kaibigan ang kalikasan.
- Isang **awit o rap** na nagsasabi ng mga paraan ng pangangalaga sa kapaligiran.

Inihanda ni:

JOSEPH GABRIEL J. EDUCADO
Teacher I
Guimbala-on Elementary School
Schools Division of Silay City

MGA SUSING SAGOT

PAGSASANAY 1:

1. Gayahin natin si Wacky.
2. Inaalagaan niyang mabuti ang mga halaman.
3. Naging maganda ang kanyang bakuran dahil sa mga ito.
4. Iiwasan ko nang magtapon ng basura kung saan-saan.
5. Magtatanim ako ng mga puno.

PAGSASANAY 2:

TAO	HAYOP	BAGAY	LUGAR	PANGYAYARI
➤ Lola	➤ leon	➤ aklat	➤ karagatan	➤ orasan
➤ Tiya Nene	➤ sapatos	➤ lapis	➤ kagubatan	➤ Pasko
➤ kalabaw	➤ daga	➤ papel	➤ mangangaso	➤ Kaarawan
➤ magsasaka	➤ unggoy	➤ mag-aaral	➤ kabundukan	➤ piyesta

PAGSASANAY 3:

halaman	hayop	mag-aaral	mundo	tao
---------	-------	-----------	-------	-----

1. Ang ating **mundo** ay nangangailangan ng mga taong mangangalaga at magmamalasakit. Tahanan ito ng lahat kaya dapat nating mapangalagaan.
2. Ang bawat **tao** ay dapat tumulong para ito ay mapag-ingatan.
3. Kapag pinangalagaan natin ang kapaligiran ay matutulungan din natin ang mga **hayop** at halaman sa ating paligid.
4. Magtanim tayo ng mga puno at **halaman** para gumanda ang ating kapaligiran.
5. Ang mga batang **mag-aaral** sa bawat paaralan sa ating bansa ay dapat maturuang magmahal at kumalinga sa kalikasan.

Prepared by:

Joseph Gabriel j. Educado

Guimbala-on Elementary School, Silay City

APPLICATION: Rubrics

Mga Pamantayan	5	4	3	2	1
1. Ang <i>output</i> ay nakahihikayat sa kapwa na maging kaibigan ng kalikasan.					
2. Ang <i>output</i> ay nagpapakita ng kahusayan at pagiging malikhain.					
3. Ang <i>output</i> ay kakikitaan kahusayan sa paggamit ng mga pangngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari sa pagsasalaysay.					
KABUUNANG PUNTOS					
5 – Napakahusay 4 – Mahusay 3 – Katamtaman	2 – Hindi mahusay 1 – Sadyang hindi mahusay				

Prepared by:
Joseph Gabriel j. Educado
Guimbala-on Elementary School, Silay City